

Ano ang aking mga karapatan kung... Gusto kong humiwalay sa aking kapareha... Ano ang aking mga karapatang pambatas?

Sikapang kumuha ng payong pambatas kung sa palagay mo ay mayroon kang legal na problema, lalo na bago humarap sa korte. Tumawag sa Legal Aid Queensland sa 1300 65 11 88.

Ano ang karahasan sa tahanan?

Kabilang sa mga ugaling karahasan sa tahanan kapag ang isang taong may relasyon sa iyo:

- ay nang-aabuso sa iyo nang pisikal o sekswal, o
- ay nang-aabuso sa iyo nang pandamdamin o pangsikolohikal, o
- ay nang-aabuso sa iyo tungkol sa pananalapi, o
- ay nagbabanta, o
- ay namumuwersa, o
- ay kumokontrol o nandodolina sa iba pang paraan sa iyo at nagiging dahilan ng iyong pagkatakot tungkol sa iyong kaligtasan o kapakanan o ng sa ibang tao.

Kabilang sa mga halimbawa ng ganitong uri ng pag-uugali ang:

- sinasaktan ka o nagbabantang sasaktan ka – pagsuntok, pagsakal sa iyo, pagsungab sa iyong lalamunan, pagtulak, pagsampal, pagsabunot sa iyong buhok o pagpiliipit ng iyong mga braso
- paulit-ulit na pagtelepono, pag-SMS text, o pag-email o pagkontak sa iyo sa iyong networking site nang walang pahintulot mula sa iyo
- pagsira (o pagbabantang pagsira) ng iyong mga ari-arian, hal. pasuntok na pagbutas sa mga dinding o pagbasag ng mga plato
- palihim na pagsubaybay o pagsunod sa iyo o pananatiling nasa labas ng iyong bahay o lugar ng trabaho
- pagmamatyag sa iyo (walang awtoridad na pagmamatyag) pati pagbasa ng iyong mga mensaheng text, ng iyong email account, ng mga tinitingnan mo sa internet browser, ng iyong social networking site
- pagmamaliit sa iyo o panunuya tungkol sa iyong lahi
- pagpigil sa iyo nang laban sa iyong kalooban
- pagpuwersa sa iyo na makisalo sa mga gawaing sekswal nang walang pahintulot mo
- paggamit ng ibang tao para ikaw ay saktan, takutin, ligaligin, o bantaan, o sirain ang iyong mga ari-arian
- pagbabantang magpapakamatay o sasaktan ang sarili para takutin ka
- pagbabanta sa iyo na papatayin o sasaktan ang ibang tao
- pagbabantang hindi ka na pangangalagaan kung hindi mo gagawin ang isang bagay
- pagpuwersa sa iyong ibigay sa kanila ang iyong mga kabayaranang social security

- pagpuwersa sa iyo na pumirma nang laban sa iyong kalooban ng isang kapangyarihan ng abogado (power of attorney) para sa kanya upang siya ang mamahala ng iyong pananalapi
- pagbabantang ibunyag ang iyong oryentasyong-sekswal sa iyong mga kaibigan o pamilya nang walang pahintulot mo
- paghadlang sa paggawa o pagpapanatili mo ng pakikipag-ugnayan sa iyong pamilya, mga kaibigan o kultura, pati mga pagdiriwang o mga kaugaliang pangkultura o pang-espirituwal.

Kung ang isang tao ay gagawa ng alinman sa mga bagay na ito, maaari kang mag-aplay sa isang mahistrado sa isang magistrates court (hukumang mahistrado) para sa isang domestic violence order (kautusang pangkarahasan sa tahanan). Hindi kailangang ikaw ay masaktan nang pisikal para dumanas ng karahasan sa tahanan.

Sa Australya, ang pag-uugaling ito ay laban sa batas.

Ang aking kapareha ay naging marahas sa akin. Ano ang magagawa ko?

- Kumuha ng impormasyong pambatas o payo mula sa Legal Aid Queensland sa **1300 65 11 88** o tumawag sa **1800 811 811** para sa tulong tungkol sa akomodasyon at iba pang praktikal na bagay.
- Maaari kang mag-aplay para sa isang domestic violence order (kautusan ukol sa karahasan sa tahanan) upang mapangalagaan ka at ang iyong pamilya.
- Makapag-aaplay ka sa Department of Immigration and Citizenship (DIAC) (Departamento ng Imigrasyon at Pagkamamamayan) na manatili sa Australya nang sarili mo.

Ano ang domestic violence order?

Ang isang domestic violence order ay magsasabi sa iyong kapareha na tigilan ang pagiging marahas sa iyo, at maaaring mag-utos sa kanya na tigilan ang pagkontak, paglapit at paghanap sa iyo at sa sinumang ibang miyembro ng pamilya o mga kaibigan na naging biktima rin ng karahasan sa tahanan. Ang isang domestic violence order ay maaaring tumagal nang hanggang dalawang taon.

Paano ako mag-aaplay para sa isang domestic violence order?

Makapag-aaplay ka para sa isang domestic violence order nang sarili mo o hilingin sa isang pulis, abogado o awtorisadong tao (kaibigan, kamag-anak, pangkomunidad/ pangkawanggawang kawani) na mag-aplay para sa iyo.

Dapat kang kumuha ng payong pambatas bago ka mag-aplay para sa isang domestic violence order. Ang Legal Aid Queensland ay nagbibigay ng libreng payong pambatas at maaaring makatulong sa iyo na makakuha ng isang domestic violence order. Ang Legal Aid Queensland ay mayroon ding isang libreng patnubay na tinatawag na “Paano mag-aplay para sa isang domestic violence order” (How to apply for a domestic violence order) na makatutulong sa iyo sa buong proseso. Ang patnubay ay makukuha sa aming website www.legalaid.qld.gov.au o sa pagtawag sa **1300 65 11 88**.

Maaari ko bang lisanin ang tahanang pinagsasaluhan namin ng aking kapareha?

Sa Australya, maiiwan mo ang iyong pagsasamang mag-asawa o relasyon anumang oras nang walang hihinging pahintulot mula kanino man. Kung gusto mong lisanin ang iyong tahanang pampamilya, magagawa mo ito.

Sa karamihan ng mga kaso, ang magkaparehang maghihiwalay ay aabot sa isang kasunduan tungkol sa kung sino ang lilisan ng bahay. Kung hindi magkakasundo, ang family law court (hukuman ukol sa pampamilyang batas) ay maaaring gumawa ng utos na magpupuwersa sa isang kapareha na lumisan. Kung may karahasan sa tahanan, ang domestic violence order ay magagawang palisanin ng tahanan ang isang kapareha.

Kung wala ni isa sa mga utos na ito, hindi ka mapupuwersang lisanin ang tahanan na ari mo sa sarili mong pangalan o sa magkasama ninyong pangalan. May ibat ibang tuntuning iniuukol para sa inuupahang propyedad.

Makakapagpasiya ka rin na manirahan nang hiwalay sa iyong dating kapareha (hindi bilang mag-asawa) ngunit sa ilalim ng iisang bubong. Kakailanganin mong sabihin sa iyong kapareha na kayo ay hiwalay na para sa posibleng paglilitis sa diborsiyo, at dapat mong ipagbigay-alam sa Centrelink ang pagbabago sa inyong relasyon.

Paano ang aming mga anak?

Kahit hindi kayo naninirahang magkasama, kapwa magulang ay mayroon pa ring responsibilidad para sa kanilang mga anak. Kailangan ninyong sikapin at pagkasunduan kung kanino titira ang mga bata at mag-ayos ng mga oras para sa mga bata na makipagkomunikasyon o gumugol ng panahon sa piling ng kabilang magulang.

Paano kung sabihin ng aking kapareha na hindi ko na makikita kailanman ang aking mga anak kapag ako ay umalis?

Hindi ito totoo. Kapwa may responsibilidad ang mga magulang sa pagpapalaki ng kanilang mga anak, kung ito ang magiging pinakamagaling para sa bata.

Kung hindi kayo magkasundo ng iyong kapareha tungkol sa kaayusan para sa mga anak matapos maghiwalay, makakahiling ka sa Legal Aid Queensland, sa isang sentro ng ugnayang pampamilya, o sa isang samahang pangkomunidad na tulongan ka at ang iyong dating kapareha na magkasundo tungkol sa kaayusang pagmamagulang para sa inyong mga anak, o mag-aplay sa isang korte na gumawa ng desisyon tungkol sa mga kaayusang ito.

Sinasabi ng aking kapareha na kung aalis ako ay wala akong makukuhang kahit ano... walang ari-arian o muwebles. Totoo ba ito?

Ang marapat mong makuha kapag ikaw ay aalis ay depende kung gaano katagal kayong kasal, o gaano katagal kayong nagsama ng iyong dating kapareha, anong pera o muwebles

ang dinala mo nang simulang magsama kayo, anong kontribusyon (pananalapi o hindi pananalapi) ang naibigay mo sa relasyon ninyo (tulad ng pag-aalaga sa mga bata, gawaing-bahay, atbp), at ano ang kakailanganin mo sa hinaharap.

Ano ang dapat kong dalhin kung magpasiya akong umalis?

Kapag nagpasiya ka na gusto mong lisanin ang tahanang pampamilya, dapat kang kumuha ng payong pambatas.

Kung lilisan kang kasama ang iyong mga anak, makatwirang dalhin mo ang mga gamit sa bahay na para sa pang-araw-araw na pangangailangan ng mga bata, hal. ang washing machine (makinang panlaba), mga kama at panakip-kama, mga kaldero at kawali, mga plato at tasa, at mga laruan ng mga bata.

Dapat mo ring sikapin dalhin ang mahahalagang dokumento tulad ng mga pasaporte, sertipiko ng kapanganakan at kasal, papeles ng pagkamamamayan, tax file number (numerong pambuwis), lisensiya sa pagmamaneho, health care card, mga dokumento ukol sa pribadong seguro sa kalusugan, mga kuwenta mula sa bangko, mga credit card at iba pang dokumento ukol sa iyong personal na pananalapi.

Dapat mong sikapin kumuha ng payong pambatas tungkol sa kung anong ari-arian ang madadala mo at kung paano mahahati ang mga ari-arian at propyedad bago ka lilisan.

Kung maaari, sikapin mo at ng iyong kapareha na magkasundo tungkol sa mga bagay na madadala ng bawat isa sa inyo kapag kayo ay naghiwalay. Mabuting ideya na dalhin mo ang iyong mga personal na kagamitan kabilang ang anumang bagay na sentimental ang halaga gaya ng mga litrato, regalo, alahas at mga bagay mula sa iyong pamilya. Maaari mong dalhin ang mga ari-ariang sosyo kayo sa pag-ari, tulad ng kotse, o pera mula sa mga magkasosyong account.

Ang anumang ari-arian na dadalhin mo ay isasaalang-alang sa hinaharap kapag isinasabay ang paghahati sa mga ari-arian ninyo ng iyong dating kapareha, maging sa pamamagitan ng isang kasunduan o sa isang kautusan ng korte. May ilang mga bagay na baka kailanganing isauli sa iyong dating kapareha.

Paano ako mabubuhay kung wala akong sarili kong pera?

- Baka marapat kang tumanggap ng mga benepisyo mula sa Centrelink batay sa personal mong sitwasyon. Kontakin mo agad-agad ang Centrelink sa **13 28 50** o **13 61 50** para alamin kung ano ang marapat para sa iyo. Kung hindi ka nakapagsasalita ng Ingles, kontakin mo ang Centrelink Multilingual Service (Paglilingkod na Ibat ibang Wika ng Centrelink) sa **13 12 02**.
- Dapat mong kontakin ang Child Support Agency (Ahensiya ng Suporta sa Anak) sa **13 12 72** para alamin kung makakakuha ka ng pera mula sa iyong kapareha na tulong-pambayad ng mga gastos sa pagpapalaki ng inyong mga anak.
- Para alamin kung ikaw ay baka marapat sa ibang pera mula sa iyong dating kapareha, dapat kang kumuha ng payong pambatas. Kontakin ang Legal Aid Queensland sa **1300 65 11 88**.

Sinasabi ng aking kapareha na ako ay maipatatapon (deported) kapag ako ay umalis. Totoo ba iyon?

Hindi ka maipatatapon ng iyong kapareha, ngunit baka kontakin niya ang Department of Immigration and

Citizenship (DIAC) at sabihan sila ng pagbabago sa iyong sitwasyon (paghihiwalay) at ang DIAC ay magrerebyu ng iyong sitwasyon. Ang anumang desisyon tungkol sa katayuan ng iyong pandarayuhan ay gagawin ng DIAC at hindi ng iyong kapareha.

Ang pagbabanta ng iyong kapareha na ipatapon ka ay kadalasang nangyayari kasama ng ibang klase ng abuso at pananakot o pagkontrol. Maaaring mangahulugan ito na dumaranas ka ng karahasan sa tahanan. Kung iiwan mo ang iyong kapareha at nakaranas ka ng karahasang pantahanan, maaari kang mag-aplay sa DIAC na manatili sa Australya nang sarili mo.

Para sa higit pang impormasyon, kontakin ang:

- Legal Aid Queensland sa **1300 65 11 88**
- Refugee and Immigration Legal Service sa **(07) 3846 3189**
- Immigrant Women's Support Service sa **(07) 3846 3490**

Kailangan kong lisanin nang mabilis ang tahanang pampamilya. Mayroon ba akong matutuluyan kahit saan?

Kung wala kang sinumang kapamilya o kaibigan na makatutulong, ang iyong lokal na pulisya ay maaaring makahanap para sa iyo at sa iyong mga anak ng pansamantalang matutuluyan sa isang kanlungan para sa kababaihan (women's refuge).

Maaari ka ring tumawag sa **1800 811 811** para sa matutuluyang kanlungan.

Kailangan kong makipag-usap sa pulis, ngunit hindi ako nakapagsasalita ng Ingles. Ano ang dapat kong gawin?

Kung kailangan mong makipag-usap nang madalian sa pulis at wala kang kaibigan o kamag-anak na makatutulong sa iyo, maaari kang:

- tumelepono sa pulis sa **000** at sabihin ang wika mo; ang pulis ang magsasaayos ng isang tagapagsalin sa wika para sa iyo
- tumelepono sa Translating and Interpreting Service sa **13 14 50** at humiling ng isang tagapagsalin sa wika upang tumulong sa iyo na kumontak sa pulisya. Ito ay isang libre at kompidensiyal na paglilingkod.

Tandaan:

Sikaping kumuha ng payong pambatas sa lalong madaling panahon kung sa palagay mo ay mayroon kang legal na problema.

Makatatawag ka sa Legal Aid Queensland sa **1300 65 11 88** sa halagang lokal na tawag mula saan man sa Queensland.

Ang mga kawani ng Legal Aid Queensland ay sisikapang sagutin ang anumang tanong mo at tutulong humanap ng taong makatutulong sa iyo.

ANG IYONG LOKAL NA OPISINA NG LEGAL AID QUEENSLAND

BRISBANE

44 Herschel St, 4000

BUNDABERG

3rd Floor, WIN Tower,
Cnr Quay & Barolin Sts, 4670

CABOOLTURE

Ground Floor, Kingsgate
42 King St, 4510

CAIRNS

Level 2, Cairns Square Complex,
42-52 Abbott St, 4870

INALA

Level 1, Inala Commonwealth
Offices, 20 Wirraway Pde, 4077

IPSWICH

Level 7, 117 Brisbane St, 4305

MACKAY

Ground Floor,
17 Brisbane St, 4740

MAROOCHYDORE

Ground Floor, M1 Building
1 Duporth Ave, 4558

MOUNT ISA

6 Miles St, 4825

ROCKHAMPTON

Ground Floor, 35 Fitzroy St, 4700

SOUTHPORT

Level 2, 7 Bay St, 4215

TOOWOOMBA

1st Floor, 154 Hume St, 4350

TOWNSVILLE

3rd Floor, Northtown
280 Flinders St Mall, 4810

WOODRIDGE

1st Floor, Woodridge Place,
Cnr Ewing Rd & Carmody St, 4114

**For more information
about our services visit
www.legalaid.qld.gov.au
or phone 1300 65 11 88.**

